

ST PAULS MEDIA pastoral ministry

DMISSALETTE**G**

FOR A SYNODAL CHURCH: COMMUNION, PARTICIPATION, MISSION

SYNOD 2021-2023

Taon 37 Blg. 3

Ika-17 Linggo sa Karaniwang Panahon (A)—Luntian *Fil-Mission Sunday*

Hulyo 30, 2023



kinuwento ni D. Williamson ang tungkol sa isang batang lalaki na naipit ang kamay sa isang mamahaling plorera. Ginawa na ang lahat subalit hindi rin mahugot ang kanyang kamay. Naisip ng mga magulang na tila ang pagbasag na lamang sa plorera ang tanging paraan. Sa kahuli-hulihang pagkakataon ay kinausap ng ama ang kanyang anak, "Isa pa. Subukan mong iunat ang mga daliri mo at saka hugutin mo nang bigla."

"Eh, papaano na 'yong hawakhawak kong barya? Mahuhulog 'yon!" reklamo ng anak.

Sa kuwentong ito, mayroong kaugnayan ang mga aral na ipinaaabot ng may-akda at ng ating Ebanghelyo sa araw na ito: Ang pagpapahalaga sa kayamanan, na kadalasan ay tunay ngang pinaghirapan, ay nagiging dahilan din upang mawala ang ating tunay na kalayaan. Sapagkat sa ganitong kaisipan natutumbasan lamang ang kalayaan ng salapi.

Ganito rin ang aral na ipinaaabot sa atin ng mga talinghaga ng Nakatagong Yaman at ng Mamahaling Perlas: Ang Kaharian ng Langit ay hindi matutumbasan ng kahit anupaman; dahilan kung bakit dapat nating talikdan ang

mga bagay na maaaring pumigil sa atin upang makamtam ito.

Sinasabi sa atin ni Hesus, ang Kaharian ng Kalangitan ay ang paghahari ng Diyos sa ating piling. Hinahayaan natin siyang manguna at gumabay sa ating mga buhay. Kasakasama natin siya sapagkat naniniwala tayo na ang Diyos ang siyang ganap na dahilan ng ating pag-iral. Nilikha tayo ng Diyos para sa kanya, kung kaya sa kanya lamang tayo makahahanap ng lubos na ginhawa at kabusugan.

Maraming dahilan kung bakit isinasantabi na lamang natin ang Diyos. Minsan ay gusto nating maging "Diyos sa ating sarili," na ang ibig sabihin ay "sagot ko ang sarili ko," na tila wala tayong pananagutan sa iba. Naririyan din ang mga "luho at pang-aakit" ng mundo: pera, kapangyarihan, panandaliang saya. Marami ang nahuhulog sa mga pang-aakit na ito sapagkat madali nitong natutugunan ang natural at pisikal na pangangailangan ng bawat tao.

Ang yaman ng mundong ito na tinatawag natin minsan na "Mammon," ay maaaring maging kawakasan natin. Maaari nitong palitan ang totoong Diyos na nananahan sa ating buhay. Isa itong diyus-diyosan na bumibihag sa ating

puso, tulad ng pagkaipit ng kamay ng bata sa plorera dahil sa ayaw nitong bitiwan ang baryang hawak-hawak. Mapanlinlang ang "Mammon" sapagkat panandalian lamang ito. Sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad, "Huwag kayong magtipon ng mga kayamanang makalupa na inuubos ng mga tanga at kalawang at manapa'y mag-ipon kayo ng kinukuha ng mga magnanakaw, kayamanang makalangit na hindi kinakalawang o inuubos ng tanga at hindi rin mananakaw. Sapagkat kung saan naroon ang inyong kayamanan ay naroon din ang inyong puso" (Mt 6:19-21).

Naibuod at naging makahulugan ang mga ganitong talinghaga sa kuwento ng pagtatagpo ni Hesus at ng mayamang lalaki (Tgn. Mt 19:16-24). Bagamat mayaman siya, lumapit pa rin ang binata kay Hesus at nagtanong kung papaano niya makakamtan ang walang hanggang buhay sapagkat nais niyang matagpuan ang tunay na halaga at kahulugan ng buhay. Dama niyang hindi sapat ang kanyang magandang kapalaran at tila nakokonsensya siya. Higit pa rito ang kanyang hinahanap. Inanyayahan siya ni Hesus na tuklasin ang kayamanang di-mapantayan sa pamamagitan ng pagsunod sa kanya. Ito'y nangahuhulugan ng pagbenta ng kanyang mga ari-arian. Hindi nakaimik ang binata; umalis siyang malungkot sapagkat alam niyang hindi niya maibebenta ang lahat ng kayamanan niya upang makamtan ang "mamahaling perlas"-ang Kaharian ng Langit.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Salmo 68:5-6, 35)

(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Sa banal niyang tahanan lumalagi ang Maykapal, at kapisan n'ya ang tanan. Tanging s'ya ang magbibigay ng lakas sa sambayanan.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Sumainyo ang Panginoon. B—At sumaiyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring gamitin ang mga ito o kahalintulad na mga pahayag.)

P—Tinuturuan tayo ni Hesus manalangin: "Mapasaamin ang kaharian mo." Hangad ni Hesus na hanapin natin ang kaharian ng Diyos, sa halip na pansarili nating paghahari. Matutupad ang pakay ni Hesus kung susundin natin ang kalooban ng Diyos.

Sa pagdiriwang ng Linggo ng Misyong Pilipino, itaas natin sa Diyos ang lahat ng gawain ng Mission Society of the Philippines (MSP). Ipanalangin natin ang lahat ng misyonerong Pilipino na buong pusong nag-aalay ng sarili para ipalaganap ang kaharian ng Diyos sa bawat sulok ng daigdig at akayin ang lahat sa piging ng Panginoon.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, tinipon tayo bilang mga kaanib ng angkan ng Diyos, kaya dumulog tayo sa maawaing Panginoong nagpapatawad nang lubos. (Tumahimik)

P—Sinugong Tagapagpagaling sa mga nagsisisi, Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Dumating na Tagapaganyayang mga makasalana'y magsisi, Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami.

P—Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami, Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B-Amen.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo. (Tumahimik)

Ama naming makapangyarihan, nililingap mo ang mga walang inaasahan kundi ikaw. Hindi maidarangal at hindi magiging banal ang sinumang sa iyo'y napapawalay. Dagdagan mo ang iyong kagandahangloob sa amin upang sa iyong pamumuno at pangangasiwang magiliw mapakinabangan namin ang mga biyaya mo sa lupa bilang pagkakamit na namin sa makalangit mong pagpapala sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG Salita ng Diyos



Unang Pagbasa

(1 Hari 3:5, 7–12) (*Umupo*)

Para kay Solomon, ang kapakanan ng kanyang nasasakupan ang kanyang tunay na yaman. Nalugod ang Diyos kay Solomon at ipinagkaloob sa kanya ang kanyang kahilingan.

Pagbasa mula sa unang aklat ng Mga Hari


NOONG mga araw na iyon, ang Panginoo'y nagpakita kay Solomon sa panaginip. "Ano ang ibig mong ibigay ko sa iyo? Sabihin mo!" wika sa kanya. Sumagot si Solomon, "Panginoon, aking Diyos, ginawa mo akong hari bilang kahalili ng aking amang si David, bagaman ako'y bata pa't walang karanasan. Pinapamuno mo ako sa iyong bayan, sa bayang ito na hindi na mabilang sa dami. Bigyan mo ako ng isang pusong maunawain at marunong kumilala ng masama at magaling. Sapagkat sino ang maaaring maghari sa bayan mong ito na napakalaki?" Ikinalugod ng Panginoon ang hiling ni Solomon. Kaya't sinabi sa kanya: "Yamang hindi ka humiling para sa iyong sarili ng mahabang buhay, o kayamanan, o kamatayan ng iyong mga kaaway, kundi ang hiniling mo'y pagkaunawa at katalinuhang humatol, ipinagkakaloob ko sa iyo ang hiniling mo. Binibigyan kita ng karunungan na walang kapantay, maging sa mga nauna, maging sa mga susunod pa sa iyo."

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 118)

T—Iniibig ko nang lubos tanang utos mo, Poong Diyos.



1. Ikaw lamang, Panginoon, ang

lahat sa aking buhay,/ kaya ako'y nangangakong susundin ang kautusan./ Higit pa sa ginto't pilak nitong buong sanlibutan,/ ang mabuting idudulot ng bigay mong kautusan. (T)

- 2. Aliwin mo sana ako niyang pag-ibig mong lubos,/ katulad ng binitiwang pangako sa iyong lingkod./ Sa akin ay mahabag ka, at ako ay mabubuhay,/ ang lubos kong kasiyaha'y nasa iyong kautusan. (T)
- **3.** Mahigit pa kaysa ginto, pagibig ko sa 'yong aral,' mahigit pa kaysa gintong binuli at dinalisay.' Kaya iyang tuntunin mo ang siya kong sinusunod,' pagkat ako'y namumuhi sa anumang gawang buktot. **(T)**
- **4.** Lubos akong humahanga sa bigay mong mga turo,/ iya'y aking iingata't susundin nang buong puso,/ ang liwanag ng turo mo'y nagsisilbing isang tanglaw,/ nagbibigay dunong ito sa wala pang karanasan. **(T)**

Ikalawang Pagbasa (Rom 8:28–30)

Sa harap ng mga pagsubok, ang pag-ibig ng Diyos para sa atin ang magsisilbing lakas para patuloy natin siyang pakinggan.

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

MGA KAPATID: Alam nating sa lahat ng bagay, ang Diyos ay gumagawang kasama ang mga nagmamahal sa kanya, ang mga tinawag ayon sa kanyang panukala, sa kanilang ikabubuti. Sapagkat sa mula't mula pa'y alam na ng Diyos kung sino ang sa kanya; ang mga ito'y itinalaga niyang maging tulad ng kanyang Anak, at sa gayun, naging panganay natin siya. At ang mga itinalaga niya noong una pa ay kanyang tinawag. Ang mga tinawag niya ay kanya ring pinawalang-sala, at ang kanyang mga pinawalang-sala ay kanya namang binigyan ng karangalan.

—Ang Salita ng Diyos.B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (Mt 11:25) (Tumayo)

B—Aleluya! Aleluya! Papuri sa Diyos Ama pagkat ipinahayag n'ya Hari s'ya ng mga aba. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Mt 13:44–46)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo **B**—**Papuri sa iyo, Panginoon.**

NOONG panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga tao: "Ang paghahari ng Diyos ay katulad ng kayamanang nakabaon sa isang bukid. Nahukay ito ng isang tao at tinabunan uli. Sa laki ng tuwa, siya'y humayo at ipinagbili ang lahat ng ariarian niya at binili ang bukid na iyon. "Gayun din naman, ang paghahari ng Diyos ay katulad nito: may isang mangangalakal na naghahanap ng mamahaling perlas. Nang makakita ng isang perlas na napakahalaga, siya'y humayo at ipinagbili ang lahat ng kanyang ari-arian at binili iyon."

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (Umupo)

Pagpahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Ipinagkaloob ng Ama sa atin ang kanyang kaharian sa pamamagitan ng kanyang bugtong na Anak na si Hesus. Buong galak nawa nating ibahagi siya sa ating kapwa. Buong pagtitiwala nating idalangin:

T—Maawaing Ama, dinggin mo ang iyong bayan.

L—Patuloy nawang mangaral ang Santo Papa at mga pinuno ng Simbahan tungkol sa paghahari ni Hesukristong Anak mo sa pamamagitan ng kanilang mabubuting gawain. Manalangin tayo: (T)

L—Tugunan nawa ng mga namumuno sa aming pamahalaan ng paghihirap ng taumbayan lalo na ang mga biktima ng karahasan, mga inabandona ng pamilya, at ng mga nalulong sa droga upang sila'y makadama ng pag-asa. Manalangin tayo: (T)

L—Pagpalain mo ang mga misyonero ng *Mission Society of the Philippines* upang sila'y maging matatag sa pagsisikap na maihatid ang iyong Mabuting Balita sa buong daigdig. Manalangin tayo: (T)

L—Nawa palaging maging handa ang bawat Kristiyano na tumulong sa kapwa lalo na sa mga mahihirap at mga maysakit. Manalangin tayo: (T)

L—Sa ilang sandali ng katahimikan, itaas natin sa Diyos ang ating pansariling kahilingan, gayundin ang iba pang mga pangangailangan ng ating pamayanan. (Tumahimik) Manalangin tayo: (T)

P—Amang maawain, dinggin mo ang kahilingan ng iyong bayan. Mapasaamin nawa ang iyong kaharian, at puspusin mo kami

ng iyong makapangyarihang Salita. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B-Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



Paghahain ng Alay (Tumayo)

P—Manalangin kayo...

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang mga alay na sa iyo rin nagmula at ngayo'y aming inihahanda sa iyong dambana upang sa aming ginaganap na pagdiriwang ang iyong paglingap ay magtaguyod sa tanan at magpabanal sa aming pamumuhay sa kasalukuyan at mag-akay sa amin sa ligayang walang katapusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B-Amen.

Prepasyo (Karaniwan VIII)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B—Itinaas na namin sa Panginoon.

P—Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamatan.

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Ang iyong mga supling na nagtaksil ay nagbabalik ngayon sa iyong paggiliw bunga ng malasakit ng Anak mong masunurin at ng Espiritung bigay upang lahat ay kupkupin. Kaming mga tinubos ng Anak mong mahal ay niloob mong magtipon at magkapisan upang magsalo sa masaganang hapag ng buhay. Kaisa ng Anak mo at ng Espiritu Santo ang

iyong sambayana'y nagpupuri sa iyo. Nagkakapisan ngayon ang bumubuo sa Katawan ni Kristo. Nagkakatipon ngayon ang pinananahanan ng iyong Espiritu.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa kaitaasan! (Lumuhod)

Pagbubunyi (Tumayo)

B—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...

P—Hinihiling naming...

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang (Lumuhod)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatulóy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Pakikinabang (Salmo 103:2)

Kaluluwang aking taglay, Poon ay 'yong papurihan. Huwag mong kalilimutan ang dulot n'yang kabutihang ngayon sa pakikinabang.

Panalangin Pagkapakinabang (*Tumayo*)

P—Manalangin tayo. (*Tumahimik*)

Ama naming mapagmahal, pinagsaluhan namin sa banal na pakikinabang ang alaalang walang kupas ng iyong Anak na nag-alay ng sarili niyang buhay para sa aming kaligtasan. Ipagkaloob mong ito ay magdulot ng pag-unlad sa ipinamana niya sa aming pagliligtas bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B—Amen.**

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon. B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Magsiyuko kayo samantalang iginagawad ang pagpapala. (*Tumahimik*)

Ama naming mapagpala, ipagkaloob mong makilala ng iyong bayan ang ipinahayag na sinasampalatayanan at mahalin ang tinanggap sa pagdiriwang na banal na pakikinabang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—At ang pagpapala ng makapangyarihang Diyos Ama at Anak (†) at Espiritu Santo ay manaog nawa at mamalagi sa inyo magpasawalang hanggan. B—Amen.

Pangwakas

P—Tapos na ang ating Misa. Humayo kayo at ibahagi si Kristo sa inyong kapwa.

B—Salamat sa Diyos.

BE A PAULINE PRIEST OR A BROTHER

If you are a Grade 12 student, a college student, or a young professional, male, single, and interested to become a priest or a brother involved in the apostolate of social communication, we invite you to journey with us.

Contact us: SSP VOCATION DIRECTOR

(02) 8895-9701 0962-046-5506 0915-842-0546